

TRANSISYON: ISANG POSITIBONG PAGSISIMULA SA PAGPASOK

Mga Alituntunin upang matulungan ang mga pamilya na makumpleto ang Pahayag sa Transisyon ng Pagkatuto at Pag-unlad

BAKIT MAHALAGA ANG POSITIBONG PAGSISIMULA SA PAGPASOK SA PAARALAN?

Nagdudulot ang positibong pagsisimula sa pagpasok sa paaralan nang mas mahusay na resulta sa pagkatuto at kagalingan para sa iyong anak. Ito ay:

- umiiwas sa mga hadlang sa kanilang pagkatuto at pag-unlad
- tumutulong sa iyong anak na maramdamang ligtas sila, may kumpiyansa at konektado
- nagsusulong ng katatagan.

ANO ANG PAHAYAG SA TRANSISYON NG PAGKATUTO AT PAG-UNLADTRANSITION ?

Ang Pahayag sa Transisyon ng Pagkatuto at Pag-unlad (na kilala rin bilang Pahayag sa Transisyon) ay isinusulat para sa bawat bata habang inililipat sila mula sa serbisyo ng maagang pagkatuto ng bata tungo sa paaralan. Mas pinadadali ng Pahayag sa Transisyon ang pagbabahagi ng impormasyon sa pagitan ng mga serbisyo, paaralan, at pamilya.

Kabilang sa Pahayag sa Transisyon ng anak mo ang:

- pangalan, petsa ng kapanganakan at litrato ng anak mo
- pangalan mo at mga detalye ng pakikipag-ugnayan
- ang pangalan at mga detalye ng pakikipag-ugnayan ng serbisyo ng maagang pagkatuto ng bata at alinman sa iba pang propesyonal sa maagang pagkatuto ng bata na sumusuporta sa iyong anak.
- impormasyon tungkol sa mga interes, kasanayan at kakayahan ng iyong anak

- mga diskarte sa pagtuturo upang suportahan ang pag-aaral ng iyong anak.

Tumutulong ang impormasyong ito sa guro ng prep ng iyong anak na makilala ang iyong anak at planuhin ang kanilang pag-aaral. Makakatulong din sa iyo ang Pahayag sa Transisyon na maunawaan, suportahan at talakayin ang natutunan ng iyong anak sa kanilang pagsisimula ng pag-aaral.

Kung papasok ang iyong anak sa Outside School Hours Care (OSHC), bibigyan din kopya ng Pahayag sa Transisyon ang serbisyo ng OSHC.

Nakatutulong ang Pahayag sa Transisyon ng iyong anak na:

- magplano para sa interes ng iyong anak
- tumutulong sa maayos na transisyon mula sa serbisyo ng maagang pagkatuto ng bata ng iyong anak patungo sa paaralan.

ANG INPUT MO SA PAHAYAG SA TRANSISYON

Matutulungan mo ang iyong anak na magkaroon ng positibong pagsisimula sa paaralan sa pamamagitan ng pag-aambag sa kanilang Pahayag sa Transisyon.

May mga seksyon ang Pahayag sa Transisyon para sa iba't ibang tao upang punan:

Ang mga Seksyon 1 at 1.1 ay kukumpletuhin ng guro sa maagang pagkatuto ng bata ng iyong anak.

Ang Seksyon 1.2 ay maaaring kumpletuhin ng guro sa maagang pagkatuto ng bata ng iyong anak kung ang iyong anak ay may problema sa paglaki o kapansanan. Maaari ding magbigay ng kontribusyon ang iba pang propesyonal sa maagang pagkatuto ng bata na sumusuporta sa iyong anak .

Seksyon 2: Ang Bata ay kukumpletuhin ng iyong anak, sa tulong mula sa pamilya na nasa hustong gulang na tulad mo o ng guro sa maagang pagkatuto ng bata.

Seksyon 3: Ang Pamilya ay sasagutan mo. Humihiling ito para sa iyong mahahalagang pananaw tungkol sa:

- interes ng iyong anak
- ang iyong mga inaasahan, hangarin at layunin para sa iyong anak sa paaralan.

Makatutulong ang impormasyon na ito sa guro ng iyong anak (at sa kanilang guro ng OSHC, kung mayroon sila nito) na makipag-ugnayan sa iyo at sa iyong anak at suportahan ang pag-aaral at pag-unlad ng iyong anak.

ANONG MANGYAYARI SA SUSUNOD?

Ibalik ang iyong nakumpletong Seksyon 3 (at Seksyon 2, kung tinulungan mo ang iyong anak dito) sa guro ng maagang pagkatuto ng bata ng iyong anak.

Pagsasama-samahin nila ang lahat ng seksyon ng Pahayag sa transisyon at magbibigay ng isang kopya sa:

- mo
- paaralan ng iyong anak
- Sa serbisyo ng OSHC ng iyong anak, kung mayroon sila.

Kung hindi ka pa nakakapili ng paaralan, bibigyan ka ng pangalawang kopya ng Pahayag sa Transisyon. Maaari mong ibigay ang kopya na ito sa paaralan kapag na-enroll mo ang iyong anak.

Kung hindi mo ibalik ang Seksyon 3, ibabahagi pa rin ng guro sa maagang pagkatuto ng bata ang natitirang nakumpleto na Pahayag sa Transisyon sa iyo, sa paaralan ng iyong anak at serbisyo ng OSHC ng iyong anak, kung mayroon sila.

Ang pagbabahagi ng impormasyon sa Pahayag sa Transisyon ay tumutulong sa mga bata na matagumpay na mag-transisyon sa paaralan. Gayunpaman, kung hindi mo naisna ibahagi ang Pahayag sa Transisyon sa paaralan ng iyong anak, makipag-usap sa guro ng maagang pagkatuto ng bata ng iyong anak.

Minsan ang mga propesyonal sa edukasyon at pangangalaga ng Victorian ay kailangang magbahagi ng impormasyon upang maprotektahan ang kagalingan o kaligtasan ng isang bata. Ang iyong serbisyo sa maagang pagkatuto ng bata ay maaaring magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyong anak at pamilya kung kailangan upang matugunan nito ang tungkulin ng pangangalaga, labanan ang diskriminasyon, kalusugan at kaligtasan sa trabaho at mga obligasyon sa kagalingan at kaligtasan ng bata. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang <https://www.vic.gov.au/information-sharing-schemes-and-the-maram-framework>

PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON

Bisitahin ang www.education.vic.gov.au/transitiontoschool

Makukuha ang dokumento na ito sa iba't ibang wika sa www.education.vic.gov.au/transitiontoschool.